

**【Report on Tohoku Volunteer Program 2012】**

**Mother Tongue**

Name: Sandy Mae GASPAY

**【In your mother tongue】**

1. What impression did you have on Tohoku after 1.5 year of disaster?

Unti-unti nang inaayos ang Tohoku. Nung nandoon ako, hindi ko inakala na nabura pala ng tsunami yung ibang lugar doon. Mukha lang silang hindi ginalaw dahil napakalinis na halos ng kapaligiran. Ngunit nang nakausap ko yung ibang mga taong nagtatrabaho sa isang NPO doon, natuklasan ko na kahit lagpas isang taon na ang nakalipas ay malungkot pa rin ang mga tao doon.

2. Please describe your experiences and tell us your reflection of them (for example, the work which you were engaged in, people's conditions you observed, the stories you heard from them, and any other interesting experiences you would like to share with readers of this report).

Nadestino kami sa Otsuchi, Iwate. Sa unang araw namin doon, nakatrabaho namin ang Katariba, isang NGO. Kailangan naming makipag-usap sa mga estudyante gamit ang wikang Ingles sa isang "cram school". Ang layunin ng "cram school" ay isanay ang mga estudyanteng nais kumuha ng entrance exam para sa kolehiyo. Ayon sa mga estudyante, gusto nilang magpunta sa "cram school" dahil hindi sila makapag-aral ng maayos sa kanilang bahay. Manipis daw kasi ang dingding at naririnig nila ang kanilang mga kapitbahay. Nagulat ako nung malaman kong milyong pala ang ginagasta ng Katariba kada buwan.

May mga nakausap akong estudyante doon at pinakitaan nila kami ng mga larawan ng Otsuchi baga mag-tsunami. Ang dami palang bahay at gusali doon at napakaganda nung malapit na dagat, yung Kirikiri Beach. Ayon sa isang estudyante, dati raw ay hilig niyang magpunta sa dagat ngunit kinamumuhian niya na ito ngayon dahil kinuha nito lahat ng bagay na mahal niya. Naisip ko noon mas masahol pa nga ang nararanasan ng ibang tao sa Pilipinas ngunit naisip ko na kahit may pera sila ay hindi din ganoon kadali para sa kanila na tanggapin na ang lugar na pinakmamahal nila ay biglang nagkasira-sira.

Nakita ko na kahit masaklpa ang nagging karanasan ng mga tao doon, ngayon ay sinusubukan nilang umahon mula dito. Ayon sa mga kabataan, ngayon ay nais

naman nilang tumulong dahil sapat na raw ang tulong na natanggap nila. Karamihan sa kanila ay ninanais na maging bumbero,nars, at iba pa, mga trabahong may kinalaman sa pagtulong sa kapwa. Nakakataba ng puso nang marinig ko ang mga ito.

3. What did you learn from Tohoku and what would you like to suggest to your country people in case of natural disasters that might happen in your country?

May dalawang mahalagang bagay akong natutunan: Una, mahirap magtayo ng mga bagong gusali at ibalik sa dati ang mga nasira ng isang sakuna ngunit mas mahirap ibalik sa dati ang tiwala ng mga tao sa kanilang sarili. Pangalawa, pagkatapos ng isang sakuna, hindi lang mahalagang magtayo ng gusaling tatawaging paaralan ngunit dapat siguraduhing magiging kumportable ang mga mag-aaral dito.

Sa Pilipinas, maliban sa mga proyektong may kinalaman sa pera at pagtatayo ng mga gusali, kailangan ding pagtuunan ng pansin ang kapakanan ng mga biktima, lalo na ang mga kabataan. Halimbawa, pagkatapos ng isang sakuna ay maaaring mabago ang kanilang pananaw sa buhay sa hindi mabuting paraan kaya kailangan din silang gabayan.

4. Your message to your country people

Kahit maraming sakuna na ang naganap sa ating bansa, natutuwa akong makita na karamihan sa atin ay nananatiling masaya at sinusubukang maging-ok sa kabila ng lahat. Sa kabilang dako, siguro hindi lang din natin dapat isipin ang ngayon ngunit simulan na din nating pag-isipan ang kinabukasan. Naniniwala akong balang araw ay malayo din ang maaabot natin bilang isang bansa.